Spay/Neuter o i-Kapon Ang Inyong Pusa

Isinulat ni Karen Sueda, Dvm - University of California at Davis School of Veterinary Medicine
Isinalin sa Filipino ni Jei Reodica - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team (PART)/Phoenix Legacy of Compassion

Ang pag spay/neuter o kapon ay isa sa mga pinakamagandang regalong maibibigay ninyo sa inyong alagang pusa at sa inyong pamilya. Ang mga nakagawiang pamamaraang medikal na tulad nito ay hindi lamang makakatulong sa pagpipigil sa labis na populasyon sa ating mga alagang hayop, maari din nitong pigilian ang pagkakaroon ng problemang medikal at problema sa pag-uugali na makapagbibigay ng pagkakataon sa inyong pusa na magkaroon ng mas mahaba, mas malusog at mas maligayang buhay.

Ano ang spaying/neutering o pag kapon?

Ang spaying ay ang operasyon ng pagtanggal ng mga obaryo at bahay bata ng mga babaeng pusa samantalang ang neutering naman ay ang pagtanggal ng itlog ng lalaking pusa. Kahit na ang parehong klaseng operasyon ay madalas naisasagawa ng kakaunti lamang ang nagiging komplikasyon, ang mga lisensyadong beterinaryo lamang ang maaring magsagawa nitong mga ito.

Bago ang naturang operasyon, ang inyong beterinaryo ay pwedeng magsagawa ng kumpletong eksaminasyong pisikal ng inyong alagang pusa o di kaya ay kumuha ng muwestra ng kanyang dugo para sa pagsusuri. Para mabawasan ang sakit at kakulangan sa ginhawa, ang mga naturang operasyon ay ginagawa habang ang inyong pusa ay nasa ilalim ng general anesthesia. Matapos ang operasyon, tuturuan kayo ng inyong beterinaryo kung paano aalagaan ang inyong pusa habang siya ay nagpapagaling. Karamihan ng mga pusa ay bumabalik sa normal sa loob ng ilang araw lamang. Ang sugat gawa ng operasyon ay madalas na gumagaling sa loob ng dalawang lingo at ang tahi ay maaaring alisin sa follow-up appointment sa inyong beterinaryo.

Bakit ko dapat i-spay/neuter/kapon and aking pusa?

Ang pag spay/neuter/kapon ng inyong pusa ay nakakapagpigil ng mga hindi kanais-nais na pagdami ng ating mga alaga pati na ang pagbawas ng impluwensya ng sex hormones sa pag-uugali ng inyong alagang hayop. Milyon milyong mga hindi ginustong hayop ang napupunta lamang sa mga shelters o di kaya ay sa ating mga kalsada sa bawat taon. Kakaunti lamang ang masuswerteng naaampon; ang iba ay nayu-euthanize o namamatay dahil sa trauma, pagkakabilad sa mga elemento, gutom o sakit. Kapag inyong ipina-spay/neuter o kapon ang inyong pusa, nakakatulong ka sa maiwasn ang trahediyang ito.

Ang mga hindi magandang pag-uugali ng mga pusa ay maaari din maiwasan o mabawasan kapag ang inyong pusa ay inyong pina-spay/neuter/kapon. Ang kanilang

pag-uugaling sekswal sa parehong lalaki at babaeng pusa ay nababawasan matapos ang operasyon. Ang pag neuter/kapon ng mga lalaking pusa, kahit anu mang edad nila, ay nakakabawas sa kanilang pag uudyok na gumala, pagmamarka ng ihi at ang kanilang ugaling pakikipag-away sa mga pusa sa loob ng kapitbahayan. Ang nalulumbay na alulong ng mga babaeng pusa habang siya ay mangandi ay mawawala. Sa kabuuan, ang mga pus ana hindi nakapon ay mas mataas ang kapanganiban na mapag-iwanan sa shelter.

Magbabago ba ang personalidad ng pusa ko?

Maliban sa mga nabanggit na pagbabago sa pag-uugali, ang pag-spay/neuter/kapon ng inyong pusa ay hindi maaaring makadulot ng pagbabago sa kanyang pangunahing personalidad, bagaman ang mga lalaking pusa aya maaaring mas maging maamo matapos ang pagkapon. Ang kasanayang sa pangpusa, ang pagiging mapaglaro at ang pangkalahatang antas ng aktibidad at kasiglahan pati na rin ang bokalisasyon ay hindi madalas na nagbabago matapos ang operasyon.

Kailan ko dapat i-spay/neuter/kapon ang aking pusa?

Ang mga pusa na walong linggong gulang pataas ay maaari nang i-spay/neuter or i-kapon ng ligtas. May mga pag-aaral na nagpakita na ang mga pusang nakpon nabago pa siya umabot ng anim na buwang gulang ay naaalisan ng mataas na panganib ng mga problemang pisikal at pag-uugali, kumpara sa mga naikapon ng mas matanda na. Ang mas maagang pag i-spay/neuter o kapon ay maaaring makaiwas sa mga problema sa pag-uugali bago pa ito mangyari. Kung hindi pa ito nagagawa, ang pag i-spay/neuter o kapon ay dapat pagnilay-nilayan lalo na sa mga alagang may problema sap ag-uugali, kahit anu pa man ang kanilang edad. Sa mga natatanging pag-uugali, ang operasyon ay maaaring makapagbawas o di kaya ay makapag-alis ng problema, kahit pa sa mga mas nakakatandang pusa. Kumunsulta lamang sa inyong beterinaryo o mga ekperto sa pag-uugali ng mga pusa para sa karagdagang kaalaman.

Pagdating sa pisikal na aspeto, ang mga lalaking pusa na nakapon bago pa magbinata ay hindi nagkakaroon ng malaking ulo at makapal na balat tulad ng mga hindi nakapon na mga lalaking pusa. Parehong nakapon na mga lalaking pusa ay mas maaaring bumigat ang timbang dahil sa pagkabawas ng ugaling paggala at iba pang pag-uugaling sekswal. Gayunpaman, ang pagbigat ng timbang ay maaring maiwasan sa pamamagitan ng tamang pagkain.